MGA MADALAS NA KATANUNGAN PARA SA MGA MAGULANG AT TAGAPAG-ALAGA

Ang mga batang edad 12-17 ay karapat-dapat ng makatanggap ngayon ng bakunang COVID-19 na gawa ng Pfizer.

Ang mga pagbabakuna ay palaging libre. Wala sinuman sa iyo o sa anak mo ang tatanungin tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.
Bisitahin ang: www.VaccinateLACounty.com or www.VacunateLosAngeles.com (Espanyol) upang makahanap ng pagbabakunahan.

Bakit dapat mabakunahan ang aking anak laban sa COVID-19?

Higit sa 4 na milyong bata edad (0-17 taon) ang nasuring positibo para sa COVID-19 sa Ameirka [US] mula nang magsimula ang pandemya. Bagaman ang COVID-19 ay madalas na mas banayad sa mga bata kaysa sa mga may sapat na gulang , ang ilang mga bata ay maaaring magkaroon ng mas malubhang sakit o magkaroon ng pangmatagalang problema sa kalusugan mula sa COVID-19. Ang pagbakuna sa iyong anak ay nagpapababa sa kanilang panganib na mahawahan ng virus na sanhi ng COVID-19. Ang bakuna ay magpoprotekta rin laban sa Multi-system Inflammatory Syndrome in Children (MIS-C) – isang bihira ngunit seryosong kondisyon sa mga kabataan na nagkaroon na ng COVID-19.

Ang mga batang nahawahan ay maaaring maikalat ang virus sa iba kahit na hindi nila nararamdaman na sila ay may sakit. Ang pagbabakuna ay nakakatulong sa pagprotekta ng mga kaibigan at kapamilya, pati na rin ang mas malaking komunidad. Kasama dito ang pagprotekta sa mga taong may mahihinang sistema ng imyunidad at mga batang wala pang 12 taong gulang, na hindi pa pwedeng mabakunahan.

Kapag ang iyong anak ay ganap ng nabakunahan, magiging mas ligtas na para tumambay kasama ang mga kaibigan, maglaro ng palakasan, o ang paglalakbay para makita ang kapamilya. Hindi na sila aatasan na magpasuri upang makapaglaro ng palakasan. Hindi na rin nila kailangang magkulong kung sila ay maglalakbay sa labas ng estado o kung ang kaibigan, miyembro ng pamilya, guro o kakampi sa koponan ay nagkaroon ng COVID-19.

Aling bakuna para sa COVID-19 ang maaaring tanggapin ng aking anak?

Ang mga kabataan na may edad 12-17 ay maaaring tumanggap ng bakuna ng Pfizer. Ang bakunang Pfizer sa COVID-19 ay aprubado ng Food and Drug Administration (FDA) para sa pagpigil sa sakit na COVID-19 sa mga taong 16 na taong gulang pataas. Ang bakuna ay pinapayagan ng FDA para sa emerhensyang paggamit sa mga taong 12-17 taong gulang.

Ang mga bakuna ng Moderna at Johnson & Johnson ay pinapayagan lamang para sa mga taong 18 taong gulang at pataas sa ngayon . Ang Moderna ay nakapagsumite na ng aplikasyon para sa kanilang bakuna na payagan para magamit sa mga 12-17 taong gulang. Ang Johnson & Johnson ay kasalukuyang nagsasagawa ng mga klinikal na pagsubok ng kanilang bakuna para sa mga 12-17 taong gulang.

Upang matutunan ang mas marami pa tungkol sa mga bakuna, mangyaring tingnan ang Talaan ng Katotohanan (Fact Sheet) para sa mga Tagatanggap at Tagapag-alaga: Bakunang Pfizer-BioNTech sa COVID-19, bakunang Moderna sa COVID-19, at bakunang J&J/Janssen sa COVID-19.

Bakit ang bakuna ay para lamang sa mga kabataan na 12 taong gulang at pataas ? Kailan pwedeng makakuha nito ang mga mas bata?

Ang mga batang wala pang 12 taong gulang ay hindi pa maaaring mabakunahan dahil wala pang sapat na impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang mga bakunang ito sa grupo ng edad na ito. Ang mga klinikal na pag-aaral ay ginagawa pa sa mga batang wala pang 12 taong gulang. Depende sa mga resulta ng mga pagsubok na iyon, ang mga mas batang grupo ay maaaring maging karapat-dapat na makakuha ng bakuna sa pagtatapos ng mahabang taglagas o maagang tag-lamig.

Saan ko maaaring dalhin ang tinedyer kong anak para mabakunahan?

Iniaalok ang mga bakuna sa daan-daang mga lokasyon sa buong LA County kabilang ang espesyal na lugar ng pagbabakuna, mga klinika, parmasya, paaralan at mga bakunahang hindi permanente sa itinalagang lugar [pop-up site]. Maraming mga lokasyon ang hindi nangangailangan ng tipanan (appointment). Maging mapagmatyag para sa klinika ng bakuna sa iyong lugar. Ang pagbabakuna sa bahay ay magagamit rin para sa mga taong hindi nakakalabas ng bahay. Upang matuto ng higit pa, bisitahin ang VaccinateLACounty.com at iklik ang "Paano Makakapagpabakuna." Maaari ka ring tumawag sa Sentro ng Tawagan para sa Bakuna [Vaccine Call Center] sa 833-540-0473. Bukas ito araw-araw mula 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi. Kung naghahanap ka ng bakuna para sa 12-17 taong gulang, siguruhing pumili ng lokasyon na nag-aalok ng bakunang Pfizer.

Anong mga dokumento ang kailangan kong dalhin para mabakunahan ang tinedyer kong anak?

Ang mga kabataang edad 12-17 ay kailangan ng patunay ng edad at pahintulot mula sa magulang o legal na tagapag-alaga upang mabakunahan. Dapat suriin ng mga pamilya ang lugar na pinaplano nilang puntahan para magpabakuna tungkol sa mga patakaran ng pagpapahintulot. Maaari mo ring suriin ang email o text na natanggap mo noong gumawa ka ng tipanan [appointment] upang makita mo kung anong mga dokumento ang mga kailangan mong dalhin. Kung pupunta ka sa lugar na hindi mo kailangang gumawa ng tipanan [appointment], magdala ng dokumento na nagpapakita ng patunay na edad ng iyong anak. Para sa impormasyon tungkol sa mga patakaran sa mga lugar ng bakunahan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County, bisitahin ang VaccinateLACounty.com o tumawag sa Sentro ng Tawagan para sa Bakuna [Vaccine Call Center] (tingnan sa itaas).

Ang mga kabataan bang 12-17 ay nakakakuha ng mas maliit na dosis kaysa sa mga may sapat na gulang ?

Hindi. Ang dosis ng bakunang Pfizer ay pareho sa kabataan (edad 12-17) tulad din sa mga may sapat na gulang. Binibigay ito bilang 2 dosis na 21 araw ang pagitan. Mahalagang makuha ang pangalawang dosis upang makuha ang buong proteksyon mula sa bakuna. Ang iyong anak ay ganap na nabakunahan 2 linggo pagkatapos nilang makuha ang pangalawang dosis.

Ano ang mga epekto (side effects) para sa mga kabataan?

Ang mga epekto ng bakuna ay pareho sa mga bata at matatanda. Maaaring kabilangan ito ng masakit na braso, lagnat, pagkapagod, pagkaginaw , sakit ng ulo, at pagduwal . Ang mga epektong ito ay maaaring maglimita ng ilang pang-araw-araw na aktibidad, ngunit dapat na mawala ito sa loob ng ilang mga araw. Hindi lahat ay makakakuha nito. Ang mga epekto ay normal at palatandaan na ang katawan ay bumubuo ng imyunidad.

Ang anak ko ba ay maaaring mabakunahan laban sa COVID-19 at iba pang mga sakit nang sabay?

Oo. Ang mga batang edad 12 at pataas ay maaaring magpabakuna sa COVID-19 kasabay ng iba pang mga bakuna, tulad ng tigdas at sobrang pag ubo. Kung ang iyong anak ay nakapagpabakuna ng COVID-19 sa lugar na hindi nag-aalok ng iba pang mga bakuna na kailangan nila, maaari kang pumunta sa ibang lokasyon upang makuha ang mga ito anumang oras. Hindi na kailangang maghintay sa pagitan ng mga bakuna.

Maaari bang magpabakuna sa COVID-19 ang mga taong may alerdyi?

Depende ito.

- Ang mga taong may alerdyi sa mga bagay tulad ng gamot na iniinom, pagkain (kabilang ang mga itlog), latex, alagang hayop, o pollen, o mga taong may kasaysayan ng mga alerdyi, ay maaaring bakunahan. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng itlog, gelatin, latex, o mga pampreserba.
- Ang mga taong nagkaroon na ng reaksyon ng alerdyi sa bakuna o panggamot na iniiniksyon [injectable therapy] (kahit na ito ay hindi malubha) ay dapat na makipag-usap sa doktor upang mapagpasyahan kung ligtas na mabakunahan.
- Ang mga taong may alerdyi sa Polyethylene Glycol (PEG), ay hindi dapat kumuha ng bakunang Pfizer (COMIRNATY) o Moderna. Dapat silang makipag-usap sa doktor upang malaman kung maaari silang kumuha ng bakunang J&J.
- Ang mga taong may alerdyi sa polysorbate, ay hindi dapat kumuha ng bakunang J&J. Dapat silang makipag usap sa doktor upang malaman kung maaari silang kumuha ng bakunang Pfizer o Moderna.

Ang mga kabataang edad 12-17 ay makakatanggap lamang ng bakunang Pfizer sa ngayon.

May maliit na panganib ng anaphylaxis (malubhang uri ng reaksyong alerdyi) sa anumang bakuna. Ito ang dahilan kung bakit ang lahat ay inoobserbahan sa maikling panahon pagkatapos magpabakuna sa COVID-19.

Ang impormasyon tungkol sa mga reaksyon ng alerdyi ay maaaring magbago. Para sa mga detalye at upang matingnan ang pinakabagong gabay, tingnan ang webpage ng CDC Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong may mga Alerdyi at makipag-usap sa doktor.

Ano ang nasa mga bakuna?

Para sa buong listahan ng mga sangkap, mangyaring tingnan ang Talaan ng Katotohanan (Fact Sheet) ng bawat bakuna para sa mga Tagatanggap at Tagapag-alaga: Bakunang Pfizer-BioNTech sa COVID-19, bakunang Moderna sa COVID-19, at bakunang J&J/Janssen sa COVID-19 . Ang mga bakunang Pfizer (COMIRNATY) at Moderna ay naglalaman ng Polyethylene Glycol (PEG), at ang bakunang J&J ay naglalaman ng polysorbate. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng mga itlog, gelatin, latex, o pampreserba.

Ang anak ko ay nagkaroon na ng COVID-19, dapat pa ba silang bakunahan?

Oo. Dapat pa rin mabakunahan ang iyong anak kahit na nagkaroon na sila ng COVID-19. Hindi pa natin alam kung gaano katagal protektado ang isang tao pagkatapos nilang magkaroon ng COVID-19. Ang mabakunahan ay magpapalakas sa kanilang imyunidad at magbibigay sa kanila ng mas mahusay at mas tumatagal na proteksyon laban sa COVID-19. Kasama rito ang proteksyon laban sa mga ibat ibang uri ng virus na maaaring mas nakakahawa o magsanhi ng mas malubhang sakit.

Ligtas ba para sa mga bata edad 12-17 ang magpabakuna?

Oo. Pagkatapos ng masinsinang mga klinikal na pagsubok , ang Pfizer na bakuna sa COVID-19 – ang parehong bakuna na ligtas nang naibigay sa milyon-milyong tao na nasa edad 16 na taong gulang pataas – ay pinayagan ng FDA para sa mga kabataan edad 12 hanggang 15 noong Mayo. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang bakuna ng Pfizer sa COVID-19 ay ligtas at mabisa sa mga batang edad 12-17 pati na rin sa mga may sapat na gulang. Ang bakuna ngayon ay mayroon ng ganap na pag-apruba mula sa FDA para sa mga taong edad 18 pataas at patuloy na sinusubaybayan ang bakuna para sa kaligtasan.

Ang mga magulang ay dapat na may kamalayan sa mga ulat ng pamamaga ng kalamnan ng puso (myocarditis) o panlabas na linyada ng puso (pericarditis) sa mga taong tumanggap ng mga bakunang Pfizer at Moderna. Ang mga ulat na ito ay bibihira, kahit sa dami ng bilang ng mga bakunang naibigay na. Karamihan sa mga kaso ay sa mga lalaking kabataan at mga batang nasa edad na at karamihan ay naganap sa loob ng ilang araw pagkatapos ng pagpapabakuna, mas madalas pagkatapos ng pangalawang dosis. Kung ang iyong kabataan, o sino pa man, ay mayroon alinman sa mga sumusunod na sintomas pagkatapos mabakunahan, sila ay pinapayuhan na humingi ng tulong medikal agad-agad:

- Pananakit ng dibdib
- Pangangapos ng hininga
- Pakiramdam ng pagkakaroon ng mabilis na tibok, kumukutob o kumakabog na puso.

Karamihan ng mga pasyente na may pamamaga ng kalamnan ng puso [myocarditis] at panlabas na linyada ng puso [pericarditis] na nakatanggap ng pag-aalaga ay bumubuti sa gamot at pamamahinga at mas mabilis na gumanda ang pakiramdam. Ang mga nakakaranas ng mga ganitong kondisyon ay karaniwang nakakabalik sa kanilang normal na pang-araw-araw na aktibidad pagkatapos na bumuti na ang kanilang mga sintomas, bagama't dapat silang makipag-usap sa kanilang cardiologist (doktor sa puso) bago magbalik sa pag-eehersisyo o palakasan. Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang webpage ng CDC na Myocarditis at Pericarditis Kasunod ng mRNA COVID-19 na Pagbabakuna.

Ang isang pang bihirang epekto ay ang anaphylaxis. Ito ay isang malubhang reaksyon ng alerdyi na maaaring mangyari pagkatapos ng anumang pagpapabakuna. Ang lahat ay inoobserbahan sa maikling panahon pagkatapos magpabakuna sa COVIID-19 nang sa gayon kung ang anaphylaxis ay mangyayari, maaari itong gamutin agad. Matutunan ang higit pa sa CDC webpage Ano ang Gagawin Kung Ikaw ay Magkakaroon ng isang Reaksyon ng Alerdyi Pagkatapos na Mabakunahan para sa COVID-19.

Ang CDC ay patuloy na nagrerekomenda ng pagpapabakuna sa COVID-19 para sa lahat ng edad 12 taong gulang pataas. Ang mga kilalang panganib ng sakit na COVID-19 at ang kaugnay nito, posibleng malubhang mga komplikasyon (tulad ng pangmatagalang mga problema sa kalusugan, pagpapahospital, at kahit kamatayan) ay higit na mas malaki kaysa sa mga potensyal na panganib ng pagkakaroon ng bihirang masamang reaksyon sa pagpapabakuna, kabilang ang posibleng panganib ng myocarditis o pericarditis.

Maaari bang makakuha ng COVID-19 ang aking anak mula sa pagpapabakuna?

Ang iyong anak ay hindi maaaring makakakuha ng COVID-19 sa bakuna. Imposible ito dahil wala sa mga bakuna na ginagamit sa Amerika [US] ang naglalaman ng anumang uri ng virus na sanhi ng COVID-19.

Ang bakuna ba ay nagsasanhi ng pagkabaog?

Walang bayolohikal [biological] na dahilan o anumang ebidensya na ang anumang mga bakuna, kabilang ang mga bakuna sa COVID-19, ay nagdudulot ng mga problema sa pagkabaog sa mga kababaihan at kalalakihan. Ang ilang mga tao na nabakunahan bilang bahagi ng mga pagsubok na klinikal ng COVID-19 at marami pang mga tao na nabakunahan mula noong mga pagsubok ay nabuntis. Hindi binabago ng mga bakuna ang DNA ng tao at walang ebidensya na ang mga ito ay nakakaapekto sa pag-unlad ng kabataan.

Maaapektuhan ba ng bakuna sa COVID-19 ang pagreregla ng aking anak?

Ang ilang mga tao ay nakapag-ulat ng pagbabago sa kanilang pagreregla pagkatapos na mabakunahan, kabilang ang mas mabibigat na daloy at masakit na pulikat. Hindi pa natin alam kung ang mga pagbabagong ito ay dahil sa bakuna – ang mga pagbabago sa pagreregla ay hindi naiulat mula sa mga pagsubok ng bakuna at wala pang mga resulta ng pag-aaral ang magagamit sa isyung ito. Mahalagang tandaan, maraming mga bagay ang maaaring magsanhi ng pagbabago sa mga siklo ng pagreregla tulad ng tensyon [stress], at mga pagbabago sa tulog, dyeta, ehersisyo, at ilang mga gamot at ang hindi regular na pagreregla ay napaka-karaniwan sa mga kabataan. Kung ang iyong anak ay may mga alalahanin tungkol sa kanilang pagreregla, inirerekomenda na makipag-usap sila sa kanilang doktor.

Ang bakuna ba sa COVID-19 ay magkakaroon ng anumang pangmatagalang epekto sa aking anak ?

Ang mga pangmatagalang epekto kasunod ng anumang pagbabakuna ay napakabihira. Batay sa kung ano ang alam natin mula sa ibang mga bakuna, anumang bihira, pangmatagalang epekto na nangyari, karaniwan ay nagsisimulang lumitaw sa loob ng anim na linggo pagkatapos mabakunahan. Sa kadahilanang ito, iniatas ng Food and Drug Administration (FDA) na ang bawat bakuna sa COVID-19 ay pag-aralan nang hindi bababa sa walong linggo pagkatapos ng huling dosis bago nila payagan itong gamitin. Patuloy ang CDC sa pagsusubaybay sa mga bakuna sa COVID-19 pagkatapos na sila ay payagan dahil ito ay ginagamit sa mas paparami nang paparaming tao. Kung may natagpuang anumang isyung pangkaligtasan sa anumang bakuna, ang FDA at ang tagagawa ng bakuna ay nagtutulungan para tugunan ang alalahanin sa kaligtasan (halimbawa, problema sa partikular na lote, isyu sa pagmamanupaktura, o ang bakuna mismo).

Kung ang aking anak ay nakakuha ng masamang reaksyon (posibleng epekto) pagkatapos na sila ay mabakunahan, paano ko iuulat ito?

Kung ang iyong anak ay mayroong masamang reaksyon pagkatapos na mabakunahan, makipag-usap sa iyong doktor at iulat ang reaksyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (o VAERS). Iulat ito kahit na hindi ka sigurado kung ang bakuna ang dahilan nito. Ang VAERS ay isang maagang sistema ng babala na ginagamit ng FDA at CDC para makahanap ng posibleng mga problemang pangkaligtasan sa anumang bakuna. Upang gumawa ng ulat,tumawag sa 1-800-822-7967 o bisitahin ang https://vaers.hhs.gov/reportevent.html

Kung mayroon kang smartphone maaari kang makatulong sa CDC na subaybayan ang mga bakuna sa pamamagitan ng pag-sign up ng iyong anak sa V-Safe. Ang **V-Safe** ay isang kasangkapan na nakabatay sa smartphone na nagpapadala ng mga text message upang mangamusta sa iyong anak pagkatapos nilang mabakunahan. Ang bawat bata ay dapat na mag-sign up nang hiwalay. Ang lahat ng mga **v-safe** text message ay direktang ipinadadala sa smartphone ng magulang o tagapag-alaga.

Ang VAERS at V-safe ay hindi dapat gamitin para sa payong medikal. Kung ang iyong anak ay may mga sintomas o mga problema sa kalusugan na nakapagpapaalala sa iyo pagkatapos mabakunahan ng COVID-19, mangyaring tawagan ang iyong doktor o humanap ng tulong medikal.

Paano ko kakausapin ang aking anak tungkol sa bakuna sa COVID-19?

Mahalagang malaman ng mga kabataan ang mga katotohanan tungkol sa bakunang COVID-19. Napakaraming maling impormasyon sa COVID-19 at sa mga bakuna na kumakalat sa internet at sosyal medya [social media]. Siguruhin na makipag-usap sa iyong

mga kabataan tungkol sa COVID-19 at sagutin ang anumang katanungan na mayroon sila.

Ipaalam sa kanila ang tungkol sa mga panganib sa kalusugan kung may magkakaroon ng COVID-19 at kung paano makakatulong ang bakuna para protektahan sila. Ipaliwanag na ang bakuna ay ligtas at wala itong virus. Pag-usapan nyo ang mga epekto ng sama sama at ipaalam sa kanila na ang mga epekto (side effects) ay normal. Aliwin sila kung sila ay ninenerbiyos tungkol sa pagpapabakuna.

Ipaalala sa kanila na ang pagpapabakuna ay makakatulong protektahan ang kanilang pamilya at mga kaibigan. Gagawin din nitong mas ligtas para sa kanila ang gawin ang mga bagay tulad ng paglalaro ng palakasan, tumambay kasama ang mga kaibigan, at pagbisita sa pamilya.

Kung mayroon silang mga katanungan o alalahanin , magandang ideya na makipag-usap sila sa isang maraming nalalaman, pinagkakatiwalaang tao, tulad ng doktor pampamilya o pedyatrisyan.